

# Inaprubahan ang Volusia County para sa Direktang Pansamantalang Tulong sa Pabahay

---

**Release Date: December 8, 2022**

**BRANDON, Fla.** – Ang Volusia County ay inaprubahan na ngayon para sa FEMA Direct Temporary Housing Assistance para sa mga nakaligtas sa Bagyong Ian.

Ang mga county ng Charlotte, Collier, DeSoto, Hardee, Lee at Sarasota ay ang iba pang mga county na kasalukuyang inaprubahan para sa Direktang Pansamantalang Tulong sa Pabahay, na nagbibigay ng mga opsyon para sa mga karapat-dapat na nakaligtas na ang mga tahanan ay hindi matitirahan dahil sa bagyo.

Napagpasyahan ng FEMA na ang tulong sa pag-upa ay hindi sapat upang matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay sa mga county na iyon dahil sa kakulangan ng magagamit na mapagkukunan ng pabahay.

Ang FEMA ay mag-aabiso sa mga nakaligtas na karapat-dapat para sa direktang pabahay. Kakailanganin ng oras upang maihatid, pahintulutan, i-install at suriin ang mga yunit na ito bago sila handa na sakupin.

## **Nagbibigay ng Tatlong Pangunahing Opsyon Ang Programang Direktang Pabahay:**

- **Ang Multi-Family Lease and Repair**, kung saan ang FEMA ay pumapasok sa isang kasunduan sa pagpapaupa sa may-ari ng multi-family rental property at gumagawa ng mga pagkukumpuni upang magbigay ng pansamantalang pabahay para sa mga nakaligtas.
- **Ang Transportable Temporary Housing Units**, kabilang ang mga travel trailer at mobile homes. bilang isang travel trailer o manufactured na bahay.
- **Ang Direktang Pag-upa**, na nagpapaupa ng umiiral nang pabahay na handa nang matirahan.



**FEMA**

Page 1 of 2

Maaaring ibigay ang Direktang Pansamantalang Tulong sa Pabahay hanggang sa 18 buwan mula Setyembre 29, 2022, ang petsa ng deklarasyon ng pederal na sakuna, hanggang Marso 28, 2024.

Ang Direktang Pansamantalang Tulong sa Pabahay ay nangangailangan ng malaking oras upang maipatupad at hindi ito isang agarang solusyon para sa pansamantala at pangmatagalang pangangailangan sa pabahay ng isang nakaligtas. Dagdag pa, hindi lahat ng nakaligtas na naapektuhan ng kalamidad ay magiging karapat-dapat para sa direktang pabahay. Mahalaga na ang mga kasosyo sa lahat ng antas - lokal, estado, iba pang pederal, nonprofit at pribadong sektor - ay nagtutulungan upang punan ang mga potensyal na puwang.

Ang mga nakaligtas na nag-apply sa FEMA para sa tulong ay hindi kailangang mag-apply muli upang maging karapat-dapat para sa Direktang Pansamantalang Tulong sa Pabahay. Kung ikaw ay hindi pa nakapag-apply, maaari kang mag-apply online sa [DisasterAssistance.gov](https://DisasterAssistance.gov), gamit ang [FEMA app](#) para sa smartphones o tumawag sa 800-621-3362. Mayroong tulong sa halos lahat ng wika. Kung gumagamit ka ng relay service, gaya ng video relay service (serbisyo ng video relay, VRS), captioned telephone service o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero ng serbisyong iyon. Bukas ang mga linya mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. pitong beses sa isang linggo. Ang deadline ng aplikasyon ay Enero 12, 2023.

*Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong lan, bisitahin ang [floridadisaster.org/info](https://floridadisaster.org/info) at [fema.gov/disaster/4673](https://fema.gov/disaster/4673). Sundan sa [FEMA Region 4 \(@femaregion4\)](#) / [Twitter](#) and at [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema).*

###



**FEMA**

Page 2 of 2